# ABISO TUNGKOL SA PAMPUBLIKONG FORUM
## (Pampublikong Pagdinig ng Paglahok)

## Kautusang Nag-aatas sa Mga Gumagawa ng Batas na Bumuo ng Mga Patakaran, Proseso, at Panuntunan para Matiyak ang Ligtas at Maaasahang Mga System ng Gas sa California at Magsagawa ng Pangmatagalang Pagpaplano sa System ng Gas
## (R.24-09-012)

**Paano ako makakalahok?**
Iniimbitahan ng Southern California Gas Company (SCG), San Diego Gas and Electric Company (SDG&E), Pacific Gas & Electric Company (PG&E), Southwest Gas Corporation (Southwest Gas) (kapag magkakasama, ang Mga Utility ng Gas) at ng California Public Utilities Commission (CPUC) ang mga customer na lumahok sa Pampublikong Forum, na tinatawag ring Pampublikong Pagdinig ng Paglahok (Public Participation Hearing o PPH).

Bahagi ang Mga Pampublikong Forum na ito ng pormal na paglilitis sa paggawa ng batas na tinukoy sa itaas. Ita-transcribe ang mga komento ng customer at ilalagay ang mga ito sa pormal na rekord para makagawa ang CPUC ng matalino at mabuting pasya tungkol sa sa mga inirerekomendang priyoridad na zone para sa pag-decarbonize ng komunidad ng Mga Utility ng Gas bilang bahagi ng pagpapatupad ng Batas ng Senado (SB) sa California 1221. Sa Mga Pampublikong Forum na ito magagawa mong magkomento at maghain ng mga alalahanin sa mga kinatawan ng CPUC na nangangasiwa sa paglilitis na ito.

**Saan at kailan isasagawa ang Mga Pampublikong Pagdinig ng Paglahok na ito?**
Bilang bahagi ng mga kasalukuyang pagsusumikap ng CPUP para maibigay ang pinakamagandang access, isasagawa nang malayuan ang Mga Pampublikong Forum. Maaaring dumalo ang quorum ng Mga Komisyoner ng CPUC, pero walang pasyang gagawin o pagbobotohan sa Mga Pampublikong Forum na ito.

| PETSA AT ORAS | MGA DETALYE |
|---|---|
| Agosto 7, 2025<br>2:00 pm at 6:00 pm | Webcast:<br>www.adminmonitor.com/ca/gov<br>Sumali sa pamamagitan ng telepono: 800-857-1917<br>Passcode sa Telepono: 6032788# |

**Pakitandaan:** Kung gusto mong gumawa ng pampublikong komento, dapat lumahok sa pamamagitan ng telepono gamit ang impormasyong nasa itaas. Kapag nailagay mo na ang passcode, pindutin ang *1, at irekord ang pangalan mo kapag na-prompt. Ilalagay ka sa piika sa pagkakasunod-sunod ng pag-dial in mo. Kung kailangan mo ng interpreter sa wika, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pampublikong Tagapayo ng CPUC gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nasa dulo ng abisong ito nang kahit man lang limang araw ng negosyo bago ang Mga Pampublikong Forum.

**Bakit ako nakatanggap ng abisong ito?**
Noong Setyembre 10, 2018, pinirmahan ni Gobernador Jerry Brown ang SB 100, na nagtatag sa patakaran para maabot ng California ang carbon neutrality sa 2045. Noong Setyembre 25, 2024, pinirmahan ni Gobernador Gavin Newsom ang SB 1221, kung saan kinilala ng Lehislatura ng California na nagdaragdag ang paggamit ng natural na gas sa mga residensyal na gusali sa mga emisyon ng greenhouse gas ng California,[1] at na mapapababa ang mga gastos sa system ng gas sa tulong ng mga matipid at walang emisyong alternatibo sa mga proyekto ng pagpapalit ng pipeline.[2] Dahil dito, pinapahintulutan ng SB 1221 ang CPUC na mag-apruba ng hanggang 30 pangunahing proyekto na nagpapadali sa matipid na pag-decarbonize sa mga priyoridad na zone para sa pag-decarbonize ng komunidad (mga zone para sa pag-decarbonize). Ginawa ang mga pangunahing proyekto para makapagbigay sa mga nagpapasya sa estado ng mas malalim na pag-unawa sa mga hamong dulot ng pag-decommission ng mga bahagi ng system ng natural gas.

Inatasan ang Mga Utility ng Gas na magsumite ng mga mapa ng kani-kanilang system ng pamamahagi ng gas na kinabibilangan ng impormasyon gaya ng mga tinatayang proyekto ng pagpapalit sa pipeline ng pamamahagi ng gas, mga may disbentahng komunidad, at mga hangganan ng tribo na nakalatag sa mapa ng kalsada. Dapat i-update ang mga mapa gamit ang mga inirerekomendang priyoridad na zone para sa pag-decarbonize ng komunidad nang Hulyo 21, 2025. Magpo-post ang CPUC ng mga link sa mga mapa ng utility sa https://www.cpuc.ca.gov/industries-and-topics/natural-gas/SB-1221-implementation, na isang site na nakalaan sa pagpapatupad ng SB 1221.

**Paano gagana ang iba pang bahagi ng prosesong ito?**
Itinalaga ang paglilitis na ito sa Komisyoner ng CPUC at dalawang Hukom ng Pang-administratibong Batas na magsasaalang-alang ng mga proposal, ebidensya, at input sa buong panregulatoryong proseso. Magbibigay ang Mga Hukom ng Pang-administratibong Batas ng iminumungkahing pasya na puwedeng gumamit, magbago, o tumanggi sa mga proposal ng mga partido. Puwedeng mag-sponsor ang sinumang Komisyoner ng CPUC ng alternatibong pasya na may ibang resulta. Ang iminumungkahing pasya, at anumang alternatibong pasya, ay tatalakayin at pagbobotohan ng Mga Komisyoner ng CPUC sa pampublikong Pagpupulong ng Botohan ng CPUC.

---

[1] Komite para sa mga Tuntunin ng Senado (Senate Rules Committee), Pagsusuri sa Senado ng Batas ng Senado (SB) 1221 (Ago 31, 2024) sa 4, 6, *available sa* https://leginfo.legislature.ca.gov/faces/billAnalysisClient.xhtml?bill_id=202320240SB1221#f.
[2] Batas ng Senado 1221, Seksyon 1(a)(6).

**Makipag-ugnayan sa CPUC**
Susuriin ng mga partido sa paglilitis ang mga proposal at komento sa buong proseso ng paggawa ng batas, kabilang ang Tanggapan ng Mga Pampublikong Tagapagtaguyod. Ang Tanggapan ng Mga Pampublikong Tagapagtaguyod ay hiwalay na tagapagtaguyod para sa consumer sa loob ng CPUC na kumakatawan sa mga customer para makakuha ng pinakamababang posibleng rate para sa serbisyong katumbas ng maaasahan at ligtas na mga antas ng serbisyo. Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa **1-415-703-1584**, mag-email sa **PublicAdvocatesOffice@cpuc.ca.gov**, o bisitahin ang **PublicAdvocates.cpuc.ca.gov**.

Puwedeng ibigay ang mga pampublikong komento anumang oras habang nasa panahon ng paglilitis sa tab na "Mga Pampublikong Komento" ng Card ng Buod ng Gawain para sa **R.24-09-012**, available sa: **apps.cpuc.ca.gov/c/R2409012**. Para sa karagdagang impormasyon, anumang update sa mga pagdinig, at sheet ng impormasyon tungkol sa mga paggawa ng batas at proyekto, bisitahin ang **cpuc.ca.gov/pph**.

Kung may mga tanong ka tungkol sa mga proseso ng CPUC, puwede kang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pampublikong Tagapayo ng CPUC sa:
Email: Public.Advisor@cpuc.ca.gov
Telepono: 1-866-849-8390 (toll-free) o 1-415-703-2074
Mail: CPUC Public Advisor's Office
505 Van Ness Avenue
San Francisco, CA 94102

Pakisangguni ang **Pangmatagalang Pagpaplano sa System ng Gas OIR (R.24-09-012)** sa anumang pakikipag-ugnayang mayroon ka sa CPUC kaugnay ng usaping ito.

**Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?**

**Makipag-ugnayan sa PG&E**
Kung may mga tanong ka tungkol dito sa Kautusang Nagtatatag ng Paggawa ng Batas na paglilitis, makipag-ugnayan sa PG&E sa **1-800-743-5000**. Para sa TTY, tumawag sa 711.

Kung gusto mo ng elektronikong kopya ng mga dokumento ng paglilitis, sumulat sa address na nasa ibaba:

Pacific Gas and Electric Company
Long-Term Gas System Planning OIR (R.24-09-012)
P.O. Box 1018
Oakland, CA 94604-1018

**Makipag-ugnayan sa SoCalGas**
Telepono: **1-213-244-5354**
Email: kmar@socalgas.com
Mail: Karen Mar, Regulatory Case Manager para sa SoCalGas
555 West Fifth Street, GT14D6, Los Angeles, California 90013

**Makipag-ugnayan sa SDG&E**
Telepono: **1-858-880-8346**
Email: mariah.chavez@sdge.com
Mail: Mariah Chavez, Regulatory Business Manager para sa SDG&E
8330 Century Park Court, CP31D San Diego, CA 92123

**Makipag-ugnayan sa Southwest Gas**
Telepono: 1-702-364-3082
Email: laurie.brown@swgas.com
Mail: Laurie Brown, Regulatory Manager/California para sa Southwest Gas
8360 South Durango Drive, Las Vegas, Nevada 89183